



Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Mga Serbisyo ng Kagawaran ng Rehabilitasyon

Nobyembre 2015, Lat #5401.08 – Tagalog

1. Sino ang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Kagawaran ng Rehabilitasyon at paano isinasagawa ng Kagawaran ang pagpapasya?

Ang pagpapasya ng Kagawaran ng Rehabilitasyon (DOR, Department of Rehabilitation) sa pagiging karapat-dapat ng isang aplikante para sa bokasyonal na mga serbisyo sa rehabilitasyon ay dapat na batay lamang sa mga sumusunod na kinakailangan:

(1) Isang pagpapasya ng isang kuwalipikadong tauhan, na hindi kailangang mga empleyado ng Kagawaran, na ang aplikante ay may pisikal o pangkaisipan na kapansanan. Ang terminong "indibidwal na may kapansanan" ("individual with a disability") ay nangangahulugan na ang aplikante ay may pisikal o pangkaisipan na kapansanan na lumilikha ng isang malaking sagabal sa trabaho at ang aplikante ay makikinabang mula sa bokasyonal na mga serbisyong rehabilitasyon. 29 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) § 705(20)(A)(i)-(ii); Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon ng California (Cal. Welf. & Inst. Code) § 19151(a)(1)-(2); 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (C.C.R., California Code of Regulations) § 7017(a)(1)-(3);

(2) Isang pagpapasya ng isang kuwalipikadong tauhan, na hindi kailangang mga empleyado ng Kagawaran, na ang pisikal o pangkaisipan na kapansanan ng aplikante ay lumilikha o nagreresulta sa isang malaking sagabal sa trabaho para sa aplikante;

(3) Isang pagpapasya ng isang Tagapayo ng Rehabilitasyon (Rehabilitation Counselor) na nangangailangan ang aplikante ng mga serbisyong bokasyonal na rehabilitasyon upang maghanda para sa,

matamo, mapanatili, o makuha muli ang trabaho na naaalinsunod sa natatanging lakas, mapagkukunan, prayoridad, alalahanin, kasanayan, kakayahan, interes, at napaliwanagang pagpili ng aplikante; at

(4) Isang pagpapalagay na ang aplikante ay maaaring makinabang mula sa pagkakaloob ng mga serbisyong bokasyonal na rehabilitasyon na kaugnay sa pagkakaroon ng trabaho sa isang pinagsamang kapaligiran.

9 C.C.R. § 7062(a). Kung ikaw ay tumatanggap o benepisyaryo ng Pandagdag na Kita sa Seguro (SSI, Supplemental Security Income) at/o Segurong Panlipunan sa Kapansanan na Seguro (SSDI, Social Security Disability Insurance), ikaw ay ipinagpalagay na karapat-dapat sa mga serbisyo. 29 U.S.C. § 722(a)(3)(A)(i)-(ii); 34 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) § 361.42(a)(3)(i)(A)-(B). Gayunpaman, kung ang iyong kapansanan ay napakamalubha na hindi makatutulong ang mga serbisyo ng DOR sa iyo upang makakuha ng trabaho, maaaring hindi ka mabigyan ng mga serbisyo.

Upang tanggihan ng mga serbisyo, ang DOR ay dapat na "ipakita sa pamamagitan ng malinaw at nakakukumbinsing katibayan na ang katulad na indibidwal ay hindi makikinabang kaugnay sa pagkakaroon ng trabaho mula sa mga serbisyong bokasyonal na rehabilitasyon dahil sa kalubhaan ng kapansanan ng indibidwal." 29 U.S.C. § 722(a)(2)(A); 34 C.F.R. § 361.42(a)(2); Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (W.I.C., Welfare and Institutions Code) § 19103(b) at 9 C.C.R. § 7062(c).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat, tingnan ang Papel ng Katotohanan ng Pagiging Karapat-dapat para sa mga Serbisyo ng Kagawaran ng Rehabilitasyon (Eligibility for Department of Rehabilitation Services Fact Sheet), lat # F06601:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/06601.pdf>

2. Paano tinutukoy ng DOR kung karapat-dapat ako kung wala akong anuman mula sa Pamamahala ng Segurong Panlipunan?

Sa proseso ng pagpapasya ng pagiging karapat-dapat, ang Tagapayo ng Rehabilitasyon ay maaaring isaalang-alang ang mga talaan na inihanda ng iba pang mga ahensya, kabilang ang mga pagtatasa, upang matukoy kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyo mula sa mga ahensiyang ito. Ang Tagapayo ay maaari ring tumingin sa mga pahayag ng mga kwalipikadong propesyonal na sumuri o gumagamot sa iyo.

Kung mayroon ka ng mga ganitong uri ng dokumento, maaari mong ibahagi ang mga ito sa iyong tagapayo.

3. Anong klaseng kapansanan ang itinuturing na malaking sagabal sa trabaho?

"Malaking Sagabal sa Trabaho" ("Substantial Impediment to Employment") ay nangangahulugan na ang pisikal o pangkaisipan na kapansanan (sa dahilan ng mga nag-aalagang medikal, sikolohikal, bokasyonal, pang-edukasyon, komunikasyon, at iba pang kaugnay na mga salik) ay humahadlang sa isang indibidwal mula sa paghahanda para sa, pagpasok sa, pagsali sa, o pagpanatili ng trabaho na naaalinsunod sa mga kasanayan at kakayahan ng indibidwal. 9 C.C.R. § 7027.

Hindi itinuturing na malaking sagabal sa trabaho ang mga pansamantalang kapansanan. *Tingnan Paegle v. DOI*, 813 F. Supp. 61 (D.D.C. 1993).

4. Anong mga uri ng mga pagtatasa ang maaaring gawin ng DOR upang matukoy ang aking pagiging karapat-dapat?

Upang matukoy ang pagiging karapat-dapat at mga pangangailangan sa bokasyonal na rehabilitasyon ng isang indibidwal, ang tagapayo ay maaaring suriin ang mga kasalukuyang talaan, humiling na lumahok ka sa komprehensibong pagtatasa, kabilang ang mga pagtatasa ng pinagdaanang trabaho, at gumawa ng mga pagsangguni. 29 U.S.C. § 705(2)(A)-(D). Hanggang sa kinakailangang matukoy ang iyong pagkakaroon ng trabaho at ang likas at lawak ng mga serbisyong

bokasyonal na rehabilitasyon na ibibigay ng DOR, maaaring tasahin ng tagapayo ang mga sumusunod:

sariling katangian, mga interes, kasanayan sa pakikipag-kapwa, katalinuhan at mga kaugnay na mga kakayahan sa paggawa, pang-edukasyon na mga pagtatamo, karanasan sa trabaho, bokasyonal na kaangkupan, personal at panlipunan na pag-aayos, at mga pagkakataon sa trabaho. . . , at medikal, saykayatriko, sikolohikal, at iba pang may kinalaman sa bokasyonal, pang-edukasyon, pangkultura, panlipunan, panlibangan, at pangkapaligiran na mga salik, na makakaapekto sa trabaho at mga pangangailangan sa rehabilitasyon. . .

29 U.S.C. § 705(2)(B)(iii).

Hindi ito isang comprehensibong listahan. Binibigyan ng batas ang DOR ng malawak na hanay ng kalayaan upang magsagawa ng mga pagtatasa. Ang kalayaang ito ay dapat na magbunga ng sapat na pagtatasa ng iyong mga pangangailangan sa bokasyonal na rehabilitasyon. Gayunpaman, ang mga pagtatasa ay dapat na limitado sa impormasyon na kinakailangan upang makilala ang iyong mga pangangailangan sa rehabilitasyon at upang bumuo ng iyong Isinariling Plano para sa Trabaho (IPE, Individualized Plan for Employment). Dapat gamitin ng DOR ang kasalukuyang impormasyon at impormasyong ibinigay mo, hangga't maaari. 9 C.C.R. § 7001.5 (c).

5. Paano kung kailangan ko ng mga kaluwagan o mga serbisyo upang lumahok sa isang pagtatasa?

Dapat magsagawa ang DOR ng pagtatasa sa pinaka-pinagsamang kapaligiran hangga't maaari, na naaalinsunod sa iyong mga pangangailangan sa naipaliwanag na pagpipilian. 9 C.C.R. § 7062. Dapat kasama sa pagtatasa ang naaangkop na mga suportang ibinigay ng Kagawaran, kabilang ang mga kagamitang teknolohiya at serbisyo na pantulong at mga personal na serbisyon pantulong upang maibigay ang iyong mga pangangailangan sa rehabilitasyon. 9 C.C.R. §§ 7014(c) at 7029.1(b)(4).

Bukod pa rito, may karapatan ka sa mga makatwirang kaluwagan sa buong proseso ng bokasyonal na rehabilitasyon. Sa ilalim ng Titulo II ng Batas ng

mga Amerikanong may Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act) at Seksyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 (Rehabilitation Act of 1973), ang mga pampublikong entidad o mga tumatanggap ng pederal na pinansiyal na tulong, tulad ng DOR, ay kinakailangang gumawa ng mga makatwirang pagbabago sa mga patakaran, kasanayan at mga pamamaraan na kinakailangan upang pahintulutan ang mga aplikante at mga kliyente na may mga kapansanan na magamit ang mga serbisyo ng DOR.

Kung ikaw ay humihiling ng mga serbisyo para sa pagtatasa at/o mga kaluwagan mula sa DOR, iminumungkahi namin na gawin ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat at magtabi ng isang kopya para sa iyong mga tala.

6. Paano ako mag-apply para sa mga serbisyo ng DOR?

Mag-apply sa pamamagitan ng:

- Pagpunta sa iyong lokal na tanggapan ng DOR;
- Pag-apply online sa <https://www.dor.ca.gov/Apply-4-Services.html>
- Pagtawag sa tanggapan ng DOR at humingi ng aplikasyon; o
- Pagsulat sa iyong lokal na tanggapan ng DOR at humiling para sa mga serbisyo.

Maaari mong malaman ang numero ng telepono at lokasyon ng iyong lokal na tanggapan ng DOR sa <https://www.dor.ca.gov/dor-locations/index.asp>

Iminumungkahi na magtabi ka ng isang kopya ng iyong pinirmahang aplikasyon o kung hindi man ay idokumento ang iyong kahilingan para sa mga serbisyo kabilang ang petsa.

7. Gaano katagal ipoproseso ng DOR ang aking aplikasyon?

Sa pangkalahatan, dapat matukoy ng DOR ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng inyong aplikasyon. 29 U.S.C. § 722(a)(6); 34 C.F.R. § 361.41(b)(1); 9 C.C.R. § 7060(a). Maaaring magtagal ang DOR ng mas mahaba sa 60 araw kung:

- May mga katangi-tangi at hindi inaasahang pangyayari na hindi kontrolado ng DOR;
- Kung magsumite ka ng nakasulat na kahilingan para sa isang pagpapahaba;
- Ang impormasyon ay dapat na makuha sa pamamagitan ng pagsubok na karanasan sa trabaho upang gumawa na pagpasya ng pagiging karapat-dapat; o
- Ang pinalawak na pagsusuri ay kinakailangan at hindi maaaring matapos sa loob ng 60 araw.

34 C.F.R. § 361.41(b)(1)(i) at (ii); 9 C.C.R. § 7060(a)(1)-(2).

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng DOR na pahabain ang tala panahong pagpapasya ng pagiging karapat-dapat, dapat gumawa ng pasya ang DOR batay sa impormasyon na kasalukuyang mayroon ito. 9 C.C.R. § 7060(b).

8. Gaano katagal ako dapat nakatira sa California upang makatanggap ng mga serbisyo?

Sinasaad ng pederal na batas na hindi maaaring gamitin ng DOR ang tagal ng iyong paninirahan sa isang estado bilang isang kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat. 34 C.F.R. § 361.42(c). Nilinaw ng mga regulasyon ng California na walang kinakailangan sa paninirahan na tumatanggì sa kahit sino na naroroon sa estado mula sa pagtanggap ng mga serbisyo. 9 C.C.R. § 7060(c)(1).

9. Maaari ba akong tanggihan ng mga serbisyo dahil sa aking edad, lahi, kasarian, relihiyon o kapansanan?

Hindi. Pinagbabawalan ang DOR mula sa paggamit ng iyong edad, lahi, kasarian, relihiyon pananampalataya, kulay, lipi, pinagmulang bansa, sekswal na oryentasyon, katayuan sa kasal, medikal na kondisyon, o pisikal o pangkaisipan na kapansanan bilang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo. 34 C.F.R. § 361.42(c)(2); 9 C.C.R. § 7060(c)(2).

10. Anong uri ng mga serbisyo ang maaari kong makuha?

Ayon sa naaangkop sa mga pangangailangan sa bokasyonal na rehabilitasyon ng bawat indibidwal at naaalinsunod sa naipaliwanag na pagpipilian ng bawat indibidwal, ang mga sumusunod na serbisyo ay maaaring makuha, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- a) Pagtatasa para sa pagtukoy sa pagiging karapat-dapat at prayoridad para sa mga serbisyo;
- b) Pagtatasa para sa pagtukoy sa mga pangangailangan sa bokasyonal na rehabilitasyon;
- c) Pagpapayo at gabay sa bokasyonal na rehabilitasyon, kabilang ang impormasyon at mga pansuportang serbisyo;
- d) Pagsangguni sa iba pang mga serbisyo na kinakailangan upang tulungan ang mga aplikante at karapat-dapat na mga indibidwal upang makuha ang mga kailangang serbisyo mula sa iba pang mga ahensya;
- e) Mga serbisyong pagpapanumbalik ng pisikal at pangkaisipan, hanggang sa kung ang pinansiyal na tulong ay hindi kaagad na magagamit mula sa isang pinagmulan bukod sa Kagawaran;
- f) Mga serbisyong bokasyonal at iba pang pagsasanay;
- g) Transportasyong ibinibigay upang makalahok sa anumang serbisyo ng bokasyonal na rehabilitasyon;
- h) Mga serbisyo ng tagapagsalin ng wika;
- i) Mga serbisyo ng tagapagbasa, mga serbisyo ng pagtuturo ng rehabilitasyon, at mga serbisyong pag-aangkop at pagkilos para sa mga indibidwal na bulag;
- j) Mga serbisyong kaugnay sa trabaho;
- k) Mga serbisyo ng suportadong trabaho;
- l) Mga serbisyo pagkatapos ng trabaho;
- m) Mga lisensya sa paggawa, gamit at kagamitan;
- n) Teknolohiya sa rehabilitasyon;
- o) Mga serbisyo ng transisyon;

- p) Teknikal na tulong at iba pang mga serbisyo ng pagkonsulta sa karapat-dapat na mga indibidwal na ipinagpatuloy ang sariling pagtrabaho o nagtatrabaho sa bahay o nagtatayo ng maliit na negosyo bilang pagkaroon ng trabaho;
- q) Iba pang mga kalakal at serbisyo na tinukoy bilang kinakailangan para sa indibidwal na may kapansanan upang matamo ang pagkakaroon ng trabaho.

9 C.C.R. § 7149.

11. Kailangan ko bang magbayad para sa mga serbisyong ito?

Kung mayroon kang kita, maaaring kailangan mong magbayad para sa ilang mga serbisyo. 34 C.F.R. § 361.54(b)(1). Upang matukoy kung kailangan mong lumahok sa gastos, kailangan ng DOR ng impormasyon mula sa iyo tungkol sa iyong buwanang kita, mga madaling ibentang mga ari-arian at mga medikal na gastos. 9 C.C.R. § 7192(b).

Kung tumanggi kang lumahok sa pakikibahagi sa mga gastos sa isang serbisyo, maaaring tumanggi ang DOR na ibigay sa iyo ang mga serbisyong ito. 9 C.C.R. § 7190(b).

12. Kung tumatanggap ako ng Segurong Panlipunan, kailangan ko bang pinansyal na lumahok sa pagbabayad para sa aking mga serbisyo?

Kung tumatanggap ka ng SSI, SSDI, Karagdagang Bayad ng Estado (SSP, State Supplemental Payment), o Pampublikong Tulong (Public Assistance), hindi ka saklaw sa pagbabayad para sa mga serbisyo. 9 C.C.R. § 7191(a).

13. Paano kung hindi ko kayang lumahok?

Ayon sa mga pederal na regulasyon, ang gastos ng iyong pakikilahok sa pagbabayad para sa mga serbisyo ng DOR ay hindi maaaring napakataas na hindi ka na makakuha ng kinakailangang serbisyo. 34 C.F.R. § 361.54(b)(2)(iv)(C).

14. Ano ang Isinariling Plano para sa Trabaho (IPE)?

Ang Isinariling Plano para sa Trabaho (IPE) ay isang kasunduang kapwa isinulat ng kliyente at kanyang tagapayo mula sa DOR. Ang IPE ay isang plano ng aksyon na idinisenyo upang makamit ang bokasyonal na layunin o maisagawa ang pinahabang pagtatasa upang matukoy ang iyong potensyal na trabaho. Tingnan nang pangkalahatan ang 9 C.C.R. § 7131.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga IPE, tingnan ang Papel ng Katotohanan ng Isinariling Plano para sa Trabaho (The Individualized Plan for Employment Fact Sheet), lat # F06801:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/06801.pdf>

15. Ano ang dapat nakasulat sa IPE?

Ang IPE ay dapat magpakita ng maaari mong maging trabaho, ang mga tiyak na serbisyo ng bokasyonal na rehabilitasyon na ibibigay ng DOR, at paano kukunin ng DOR ang mga serbisyong ito para sa iyo. Inaatas ng batas na dapat mayroong ilang mga probisyon ang iyong IPE. Halimbawa, dapat maglaman ang IPE ng:

- Batayan para sa pagpasya ng DOR ng iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo;
- Iyong mga intermedyang layunin;
- Iyong mga pangmatagalang layunin;
- Takdang panahon kung kailan ang mga intermedyang layunin ay dapat na makamit;
- Mga tiyak na serbisyo na ibibigay ng DOR;
- Kung kailan ang bawat serbisyo ay dapat magsimula at gaano katagal ito ibibigay;
- Iskedyul ng kung kailan at paano repasuhin ang iyong pagsulong; at
- Iyong mga pananaw tungkol sa iyong mga layunin.

Tingnan nang pangkalahatan ang 34 C.F.R. § 361.46; C.C.R. 9 § 7131.

Kailangan din na may paglalarawan ng iyong mga responsibilidad ang IPE, halimbawa, mga responsibilidad kaugnay sa pagtamo ng maaaring maging trabaho, ang hangganan ng iyong pakikilahok sa pagbabayad ng gastos sa mga serbisyo, at iyong responsibilidad sa pag-apply para sa at paggamit ng mga maihahambing na mga benepisyo. 34 C.F.R. § 361.46(a)(6)(ii). Dapat ding maglaman ang IPE ng isang pahayag tungkol sa mga responsibilidad ng Kagawaran ng Rehabilitasyon at ibang mga ahensya na tumutulong sa iyo. 34 C.F.R. § 361.46(a)(6)(i) at (iii).

16. May karapatan ka bang lumahok sa pagsulat ng IPE?

Oo, ang IPE ay dapat na magkatulong na buuin ng tagapayo *at* kliyente. W.I.C. § 19104(b)(2). Dapat aktibo kang lumalahok sa pagsulat ng iyong IPE, dahil makakapili ka ng maaari mong maging trabaho. 34 C.F.R. §§ 361.45(b)(2) & 361.46(a)(1). Kung hindi ka masaya sa iyong IPE, maaari mong ipahayag na hindi ka nasisiyahan at maaaring humingi ng administratibo o legal na pagrepaso. Tingnan nang pangkalahatan ang 29 U.S.C. § 722(c); 9 C.C.R. §§ 7350-7361.

17. Maaari bang tumanggi ang DOR na magbigay ng serbisyo na makukuha sa ibang mapagkukunan?

Oo. Sa ilalim ng pederal na batas, dapat nagbibigay ng kasiguruhan ang Kagawaran na naghanap ito ng maihahambing na mga serbisyo mula sa ibang mga programa bago ito magbigay ng bokasyonal na rehabilitasyon. Nangangahulugan ito na hindi magbabayad ang DOR para sa serbisyo kung ang pareho o maihahambing na serbisyo ay makukuha sa pamamagitan ng ibang tagapagbigay.

Dapat tulungan ng tagapayo ng DOR ang kliyente sa pagtukoy aling mga katulad na mga benepisyo ang makukuha mula sa ibang mapagkukunan sa pamamagitan ng katulad na pagrepaso ng benepisyo. W.I.C. § 19150(a)(13). Kung ang mga katulad na benepisyo ay makukuha, dapat tanggihan ng tagapayo ang mga benepisyo na hinihiling ng kliyente na ibigay ng DOR. 9 C.C.R. § 7196(c)(1).

Kung ang kliyente ay tinanggihan ng pagiging karapat-dapat para sa katulad na benepisyo, kailangang kumpletuhin ng tagapayo ng DOR ang sumusunod:

- Patotohanan ang hindi pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ahensyang tumatanggi sa indibidwal;
- Idokumento ang pagpapatotoo; at
- I-awtorisa ang serbisyo mula sa DOR.

9 C.C.R. § 7196 (d)(1)(A)-(C).

Kung pinababa o pinatigil ng kliyente ang katulad na benepisyo sa pamamagitan ng ibang ahensya, ang tagapayo ay kailangan na:

- Patotohanan ang hindi pagiging karapat-dapat;
- Idokumento ang hindi pagiging karapat-dapat;
- Tasahin ang mga kalagayan kasama ang kliyente;
- I-awtorisa ang mga serbisyo mula sa DOR para sa serbisyo na pinababa o pinatigil; at
- Baguhin ang Isinariling Plano para sa Trabaho.

9 C.C.R. § 7196 (d)(2)(A)-(C).

18. May iba pa bang mga dahilan para tanggihan ako ng DOR ng serbisyo?

Oo. Tinutukoy ng DOR kung anong mga serbisyo ang kailangan mo batay sa mga pagtatasa sa mga pangangailangan ng bokasyonal na rehabilitasyon at ang maaaring maging trabaho mo. 9 C.C.R. §7128. Kung matukoy ng DOR na hindi mo kailangan ng serbisyo batay sa iyong kapansanan at/o ang serbisyo ay hindi kinakailangan para makamit mo ang iyong layunin na trabaho, maaaring tanggihan ka ng DOR ng serbisyo.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng DOR, may karapatan kang umapela. (*Tingnan* ang mga katanungan, 32-38).

19. Gusto kong magsariling-trabaho. Maaari pa rin ba akong bigyan ng serbisyo ng DOR?

Susuportahan ng DOR ang napili ng karapat-dapat na indibidwal na lumikha ng plano ng sariling trabaho kung natukoy nito lamang na ang ipinanukalang kapaligiran ng trabaho ay naaangkop. 9 C.C.R. § 7136.6(a). Upang ang kapaligiran ng sariling trabaho ay maging angkop, ang mga sumusunod na salik ay kinakailangang matugunan:

- Ang kapaligiran ng sariling pagtrabaho ay naaalinsunod sa mga lakas, mapagkukunan, prayoridad, alalahanin, kakayanan, kakayahan, interes at naipaliwanag na pagpipilian ng indibidwal;
- Makatuwirang maaasahan na ang negosyo kung saan ang indibidwal ay nagsariling-trabaho ay magbibigay ng sapat na kita sa loob ng 12 buwan; at
- Kayang makuha ng indibidwal ang lahat ng mga mapagkukunan na kinakailangan upang maitatag at masuportahan ang negosyo.

9 C.C.R. § 7136.6(b)(1)-(3).

20. Gaano kadalas dapat nirerepaso ang aking IPE?

May karapatan kang ipa repaso nang pormal ang iyong IPE kasama ng iyong tagapayo isang beses bawat taon. 29 U.S.C. § 722(b)(2)(E)(i); 34 C.F.R. § 361.45(d)(5); 9 C.C.R. § 7133(a). Pagkakataon mo ito na isaalang-alang ang anumang mga pagbabago na naganap sa nakaraang taon. Sa proseso ng pagrepaso na ito, idokumento ang iyong pagsulong at isaalang-alang ang anumang ibang mga salik na nakaaapekto sa resulta ng iyong IPE. Halimbawa, maaaring baguhin mo ang mga intermedyang layunin o ang panahon para makamit ang isang layunin, kung ang iyong medikal na kondisyon ay nagbago. Tingnan nang pangkalahatan ang 9 C.C.R. § 7133.

21. Paano kung hindi ako sang-ayon kung paano binabago ang IPE?

Maaari kang makipagtulungan sa iyong tagapayo ng DOR upang baguhin ang iyong IPE. 29 U.S.C. § 722(b)(2)(E)(ii); 34 C.F.R. § 361.45(d)(6); 9

C.C.R. § 7130(a)(6). Ang mga pagbabago sa iyong IPE ay hindi ipapatupad hanggang sa sumang-ayon ka sa mga ito at lumagda sa bagong kasunduan. 34 C.F.R. § 361.45(d)(7).

22. Nakatanggap ako ng form ng Tiket para Magtrabaho (Ticket to Work) mula sa Pangangasiwa ng Segurong Panlipunan. Ano ito?

Ang Tiket na inilabas ng Pangangasiwa ng Segurong Panlipunan (SSA, Social Security Administration) ay maaaring gamitin upang makakuha ng mga serbisyong pantrabaho, mga serbisyo ng bokasyonal na rehabilitasyon, at iba pang mga serbisyong pangsupta mula sa DOR o iba pang network ng trabaho na iyong pagpili upang makakuha ng trabaho.

23. Ano ang Network ng Trabaho?

Ang Network ng Trabaho (Employment Network) ay isang aprubadong pampubliko o pribadong tagapagbigay ng serbisyo ng trabaho na awtorisadong tumanggap ng iyong Tiket at magbigay ng mga serbisyong kinakailangan para makakuha ka ng trabaho. Maaaring kabilang sa mga serbisyong ito, ngunit hindi limitado sa pagsasanay, pagpapayo sa trabaho, paghahanda ng mga kasanayan sa paghahangap ng trabaho at pagtatalaga sa trabaho.

Para sa listahan ng lokal na aprubadong mga Network ng Trabaho sa iyong lugar, tumawag sa 1-866-968-7842, o 1-866-833-2968 (TTY/TDD) o pumunta sa <http://www.yourtickettowork.com>

24. Paano kung kasalukuyan akong nakikipagtulungan kasama ang Kagawaran ng Rehabilitasyon?

Maaari kang magpatuloy nang walang abala. Kung ikaw at ang iyong tagapayo ay nakabuo ng Isinariling Plano para sa Trabaho, ikaw ay hinihikayat na italaga ang iyong Tiket sa Kagawaran. Gayunpaman, ikaw ay *hindi* inaatasang italaga ang iyong Tiket sa DOR.

25. Paparusahan ba ako kung pipiliin kong hindi gamitin ang Tiket?

Hindi, ang pagtatalaga ng iyong Tiket sa DOR ay kusang-loob at hindi ka paparusahan.

26. Paano ako makakuha ng kopya ng aking mga talaan?

Ayon sa pederal na batas, kailangang maglabas ang Kagawaran ng impormasyon sa aplikante o karapat-dapat na indibidwal kung mayroong **nakasulat** na kahilingan mula sa aplikante o indibidwal na iyon. 34 C.F.R. § 361.38(c)(1). Sa ilalim ng mga regulasyon ng California, ang aplikante o kliyente ay maaaring makakuha ng kanyang mga talaan mula sa Kagawaran kapag hiniling. 9 C.C.R. § 7141(a). Walang kinakailangan na pagsulat sa California; gayunpaman, marahil pinakamahasay kung hihiling ka ng iyong mga talaan sa pamamagitan ng sulat. Tingnan nang pangkalahatan ang 9 C.C.R. § 7141.

May karapatan ka sa buo at walang bawas na kopya ng iyong IPE. 29 U.S.C. § 722(b)(2)(D). Sa katunayan, may karapatan ka sa talaan ng iyong buong kaso na may ilang eksepsyon, tingnan ang Tanong 27 sa ibaba. 9 C.C.R. § 7141(a).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga talaan mula sa DOR, tingnan ang Papel ng Katotohanan sa Kahilingan para sa mga Talaan sa Kagawaran ng Rehabilitasyon (Request for Department of Rehabilitation [DOR] Records Fact Sheet), lat# 553301:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/553301.pdf>

27. Sinasabi ng DOR na hindi ko maaaring makuha ang aking mga talaan. Maaari ba nilang itago ito sa akin?

Maaaring tumanggi ang DOR na ilabas ang impormasyon sa ilalim ng ilang mga pagkakataon. Halimbawa, kung natukoy ng DOR na ang impormasyon ay “maaaring maging mapanganib sa indibidwal” (“may be harmful to the individual”), maaaring tumanggi itong ilabas. Gayunpaman, kahit sa pagkakataong ito, ang impormasyon ay kailangang makukuha ng aplikante o indibidwal sa pamamagitan ng isang ikatlong partido. 34 C.F.R. § 361.38(c)(2); 9 C.C.R. § 7141(c).

28. Maaari ko bang makuha ang aking mga talaan sa wika maliban sa Ingles?

Oo. Ipaalam sa iyong tagapayo ng DOR na gusto mong ipasalin ang wika ng iyong mga talaan. Tutulungan ka ng tagapayo na mapasalin ang mga talaang ito sa wika na iyong naiintindihan. 9 C.C.R. § 7141(b).

29. Maaari ko bang baguhin ang aking talaan ng mga serbisyo?

Kung naniniwala ka na ang impormasyon sa iyong talaan ay mali, maaari kang humiling na baguhin ito. 9 C.C.R. § 7141.5 (c). Kung napagpasiyahan ng DOR na hindi baguhin ang iyong mga talaan, ayon sa iyong kahilingan, dapat nitong idokumento ang iyong kahilingan para sa pagbabago. 34 C.F.R. § 361.38(c)(4); 9 C.C.R. § 7141.5(e).

30. Ano ang maaari kong gawin kung may mga problema ako sa aking tagapayo ng DOR?

Subukang resolbahin ang isyu sa iyong tagapayo. Marahil makatutulong ang superbisor o tagapamahala ng pangkat ng tagapayo sa paglutas ng anumang mga problema. Humiling ng isang pagpupulong sa superbisor ng tagapayo. Kung hindi mo malutas ang problema kasama ang superbisor, maaari kang humiling sa Tagapangasiwa ng Distrito (District Administrator) na magsagawa ng Administratibong Pag-aaral (Administrative Review). Ang Administratibong Pag-aaral ay isang opsyonal na hakbang sa proseso ng pag-apela at dapat na hilingin sa loob ng isang taon ng pagpasya na hindi ka sang-ayon. Kung maghintay ka nang matagal bago gawin ang iyong kahilingan para sa Administratibong Pag-aaral, maaaring mawala ang iyong pagkakataon na iapela ang desisyon.

Kung hindi ka nasisiyahan sa Administratibong Pag-aaral, maaari kang humiling ng pamamagitan at/o isang Patas na Paglilitis (Fair Hearing). Kailangan mong gawin ang kahilingang ito nang ***nakasulat*** sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form na DR107 Kahilingan para sa Pamamagitan at/o Patas na Paglilitis (DR107 Request for Mediation and/or Fair Hearing form) ***sa loob ng 30 araw*** ng pagpapasya ng Administratibong Pag-aaral. 9 C.C.R. § 7353(f).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong karapatang umapela, tingnan ang Papel ng Katotohanan tungkol sa mga Pagpipilian & Proseso ng mga Pag-apela sa Kagawaran ng Rehabilitasyon ng California (California Department of Rehabilitation Appeals Options & Process Fact Sheet), lat# 553001 <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/553001.pdf>

Maaaring kang makipag-ugnayan sa iyong tagataguyod sa Programa ng Tulong sa Kliyente (CAP, Client Assistance Program). (*Tingnan* ang mga katanungan 36 at 37, sa ibaba, para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CAP). Ang tagataguyod sa CAP ay maaaring makatulong sa iyo na lutasin ang iyong mga isyu sa DOR.

31. Paano kung hindi ako nakakapagsalita sa Ingles, o kailangan ko ng tagapagsalin sa wikang senyas?

Maaari ipadala sa iyo ang mga abiso sa iyong pangunahing wika o mas gustong paraan ng komunikasyon. Kapag ginawa mo ang partikular na kahilingan, dapat ibigay ng DOR sa iyo ang mga abiso nito at mga desisyon nito sa iyong pangunahing wika o paraan ng komunikasyon. W.I.C. § 19013.5(a)-(b) at 9 C.C.R. § 7352(a).

32. Paano ako hihiling ng Administratibong Pag-aaral?

Kailangan mong humiling ng Administratibong Pag-aaral sa loob ng isang taon ng pagpasya na hindi ka sang-ayon. Maaari mong gawin ang kahilingan nang pasalita o nakasulat at kailangang kasama ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang dahilan kung bakit mo iniisip na dapat baguhin ang desisyon; at
- Anong aksyon ang ipinanukala mong gagawin.

9 C.C.R. §§ 7353(a)(2) at (3).

Kailangan magbigay ang DOR ng nakasulat na desisyon tungkol sa mga isyu sa iyong kahilingan sa loob ng 15 araw ng petsa ng iyong kahilingan para sa Administratibong Pag-aaral. 9 C.C.R. § 7353(f).

33. Kung hindi ako nagsasalita sa Ingles, tutulungan ba ako ng Kagawaran sa panahon ng Administratibong Pag-aaral?

Oo. Ang mga serbisyong tagapagsalin ng wika at tagapagbasa ay dapat na ibinigay sa iyo para sa Administratibong Pag-aaral. Nasa iyo na kung hihilingin ang mga serbisyong ito. C.C.R. 9 § 7353(c). Kung hihiling ka ng tulong sa wika, dapat maging malinaw kung ano ang gusto mo. Kung gusto mo ng tagapagsalin ng wika, linawin mo ito. Kung gusto mo rin makatanggap ng mga abiso at pagpasya sa wika maliban sa Ingles, siguruhing malinaw din ito.

34. Maaari ba akong humiling ng transportasyon papunta at pabalik mula sa Administratibong Pag-aaral?

Oo. Maaari kang humiling sa DOR na mag bigyan ng transportasyon para sa iyo upang pumunta sa at bumalik mula sa Administratibong Pag-aaral. 9 C.C.R. § 7353(d).

35. Inaatas ba ang Administratibong Pag-aaral?

Hindi. Opsyonal ang proseso ng Administratibong Pag-aaral. Maaari kang humiling agad ng pamamagitan at/o patas na paglilitis. 9 C.C.R. § 7351(c).

36. Inaatas ba ang pamamagitan?

Hindi. Opsyonal rin ang pamamagitan. 34 C.F.R. § 361.57(d)(2)(i). Ito ay isang kumpidensyal na proseso na maaaring makatulong sa iyo na malutas ang iyong hindi pagkakaunawaan sa DOR. Tulad ng proseso ng Administratibong Pagrepaso, ang mga pamamagitan ay hindi umaantala sa karapatan sa patas na paglilitis. 9 C.C.R. § 7353.6(b) 34 C.F.R. § 361.57(d)(2)(ii).

Maaari kang humiling ng pamamagitan para sa isang desisyon ng Kagawaran kung saan hindi ka sang-ayon sa loob ng isang taon ng petsa ng desisyon, o kung lumahok ka sa isang Administratibong Pag-aaral sa loob ng 30 araw ng desisyon ng Administratibong Pag-aaral. Ang kahilingan para sa pamamagitan ay dapat na ginagawa nang nakasulat, gamit ang form na DR107 Kahilingan para sa Pamamagitan at/o Patas na

Paglilitis na makukuha sa iyong lokal na tanggapan ng DOR. 9 C.C.R. §§ 7353(f) at 7353.6(a)(1)-(2).

Kung sasang-ayon ang Kagawaran na mamagitan, gaganapin ang pamamagitan sa oras at lokasyon na madali para sa lahat ng mga partido sa loob ng 25 araw ng kalendaryo mula nang natanggap ang kahilingan. 9 C.C.R. § 7353.6(b)-(c); 34 C.F.R. § 361.57(d).

Para sa iyong kaginhawaan, maaaring makita ang isang halimbawang form ng kahilingan ng pamamagitan ng DOR sa:

<http://www.dor.ca.gov/Executive/Mediation.html>

37. Paano naman ang proseso ng Patas na Paglilitis?

Maarii kang humiling ng patas na paglilitis upang pag-aralan ang isang aksyon o hindi pagkilos ng Kagawaran. Kailangan mong gawin ang iyong kahilingan para sa patas na paglilitis nang nakasulat at sa loob ng isang taon ng araw ng aksyon o hindi pagkilos kung saan hindi ka sang-ayon. 9 C.C.R. § 7354(a). Kung lumahok ka sa isang Administratibong Pag-aaral, dapat na gawin ang iyong kahilingan sa loob ng 30 araw ng desisyon ng Administratibong Pag-aaral. 9 C.C.R. § 7353(f). Magaganap ang paglilitis sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula nang natanggap ang iyong kahilingan. 9 C.C.R. § 7354(b).

Para sa iyong kaginhawaan, maaaring makita ang isang halimbawang form ng kahilingan ng patas na paglilitis ng DOR sa:

<http://www.dor.ca.gov/Appeals/index.html>

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano maghanda para sa iyong patas na paglilitis, tingnan ang: *Paano Maghanda para sa isang Paglilitis sa Bokasyonal na Rehabilitasyon (How to Prepare for a Vocational Rehabilitation Hearing)*, lat# 553201:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/553201.pdf>

38. Maaari bang tanggalin ng Kagawaran ang mga serbisyo na tinatanggap ko hanggang lumabas na ang desisyon?

Hindi. Hanggang ang desisiyon ng Administratibong Pag-aaral o hanggang ang Tanggapan ng Administratibong Paglilitis (Office of Administrative Hearings) ay hindi naglabas ng desisyon, hindi maaaring suspendihin,

pababaan, o itigil ng Kagawaran ang anumang mga serbisyo na ibinibigay na sa ilalim ng IPE. 29 U.S.C. § 722(c);(7); 34 C.F.R. § 361.57(b)(4); 9 C.C.R. § 7351(e).

39. Ano ang Programa ng Tulong sa Kliyente (CAP)?

Ang Programa ng Tulong sa Kliyente (CAP) ay isang inaatasang pederal na programa sa ilalim ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973. 29 U.S.C. 701, *et seq.* Ang CAP ay magagamit upang matulungan kang maintindihan ang iyong mga karapatan at responsibilidad kasama ang iyong karapatan sa mga serbisyo mula sa DOR. Ang mga tagataguyod ng CAP ay maaaring makatulong sa iyo na malutas ang mga problema sa iyong tagapayo sa DOR o tutulong at tataguyod sa ngalan mo kaugnay sa mga serbisyong bokasyonal habang nagpapatuloy ang legal, administratibo, o iba pang angkop na mga remedyo upang matiyak ang proteksyon ng iyong mga karapatan. Ti ngang nang pangkalahatan, 29 U.S.C. § 732.

Ang dagdag na impormasyon tungkol sa CAP ay makikita sa:

<http://www.disabilityrightsca.org/about/cap.html>

Upang makipag-ugnayan sa Programa ng Tulong sa Kliyente (CAP) at Disability Rights California, maari kang tumawag sa 1-800-776-5746.

Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.